



Palaging maraming pinagkakaabalahan sa buhay !

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam sina Ginoong Serge Maumary (Matimatisyan) at si Gng Junko Ishizuka.



Ginoong Serge: Ipinanganak ako noong 1938. Iginugol ko ang aking kabataan sa Switzerland nung kapanahunan ng digmaan. Kahit na hindi sumali ang Switzerland

sa Pangalawang Digmaang Pandaigdig, sila ay pinagbantaan ng mga Aleman, at lahat ng kanilang mga mamamayan ay nagtulungan upang maprotektahan ang kanilang bansa. Ang aking ama ay nakadestino sa may pambansang hangganan(border) at umuuwi lang siya sa bahay isang linggo isang beses na may dala-dalang barrel. Ang mga laro ng mga bata noon ay palaging larong pandigmaan, at sinasabi nila, “Ang mga Aleman at Hapon ay mga demonyo”. Sa gitna ng mga kaganapang ito, ang naaalala ko lang sa aking ina ay may hawak siyang kawali na kumakanta habang nagluluto.

Ang Switzerland ay isang multikultural na bansa na may 4 na karaniwang wikang sinasalita, ang French at German ay itinuturo sa mga paaralan. Noong panahon, pagkatapos makapagtapos ng junyur haykul, ang mga mag-aaral lamang na naglalayong makakuha ng mas mataas na edukasyon ang pumapasok sa haykul. karamihan sa mga mag aaral ay pumapasok sa mga paaralang bokasyunal o kaya’y naghahanap na ng trabaho. Nagumpisa akong magtrabaho sa isang tindahan ng makina nung ako ay 15 taon gulang, mula 7:00 ng umaga hanggang sa gabi. Gayunman, naging interesado ako sa matematika, at pagkatapos ng trabaho, bumili ako ng aklat sa matematika sa Unibersidad ng Paris La Sorbonne at ipinagpatuloy kong aralin itong mag-isa sa loob ng tatlong taon. Kalaunan hindi ko na mapigilan ang aking pagnanais na makapag-aral sa unibersidad, kaya nakiusap ako sa tagapamahala ng pabrika na pahintulutan akong magbakasyon sa trabaho sa pangako na babalik ako sa pabrika kung bumagsak ako sa pagsusulit sa pasukan ng haykul. Pumasok ako sa isang paaralan para sa paghahanda ng isang taon at pumasa ako sa haykul sa edad na 19, pagkatapos kong grumadwet ng isang taon sa tulong ng iskolarsip nakapasok din ako sa unibersidad na gusto kong pasukan.

Maliban sa mga aralin sa unibersidad, nagsimula din akong sumali sa mga iba’t ibang aktibidad gaya ng pamumundok sa pag-iiski at paggaod, pagpatugtog ng klarinete sa konserbatoryo at pagsali sa Gesellschaft Helvetia isang unyon ng mga mag aaral sa pamamagitan ng pag inom ng 15 tarong serbesa upang pumasa sa seremonya at aksidenteng nagising na nasa hagdanan na ng katedral!

Nung 1968, Pagkatapos ko sa aking Doktorado (Ph.D.) ipinagpatuloy ko ang aking pananaliksik sa iba’t ibang mga institusyong pang-matematika sa Europa at Estados Unidos. At sa edad na 35, naging propesor ako sa unibersidad ng Lausanne. At nung 1990 habang nasa Kyoto ako para sa unang Pang-internasyonal na Kongreso ng Matematika sa Asya, napadaan ako sa kainan ng pansit-udon kung saan nakilala ko ang aking asawa na nandoon din kasama ang mga kasamahan niya sa opisina para mananghalian. Pagkatapos ng 2 taon kami ay ikinasal at nanirahan sa Lausanne, nabiyayaan kami ng anak na si Azusa na ngayon ay isa ng baylarina sa Tokyo. 17 na taon na ang nakararaan nang magpumunta kami ng Japan nung maging isa akong propesor pandangal. Kasalukyan isa akong panauhing mananaliksik sa mga instituto ng pananaliksik sa matematikang-agham sa Kyoto, nagtrabaho sa bahay simula nung Pandemya ng COVID-19.

Ang aking pang-araw-araw na gawain ay bumangon ng 6:00 ng umaga, magtatrabaho sa kompyuter sa umaga at sa gabi, nageensayo din sa gabi ng Klarinete sa meeting room ng apartment namin. Maggaod sa madaling araw 3 beses sa 1 linggo sa Ilog Seta. Tuwing lunes nagbibisiklita papunta sa klase sa Nihongo at masayang nakikipagkuwentuhan sa aking titser. Nagpapasalamat din ako na mayroon pagsasanay sa wikang hapon dahil hindi umuunlad ang kasanayan ko sa wikang hapon kung nasa bahay lang ako. Nagkaroon din ako ng pagkakataong makasali sa Otsu Jazz Festival at sa Music Chamber ng Kyoto sa aking klarinete. Ang susi ng masayang paninirahan sa ibayong lugar ay ang magkaroon ng pagkakataon na makasali sa mga bagong kaganapan. Madali lang pakisamahan ang buhay ko. Maraming salamat sa aking kabiyak na siyang nangangalaga sa lahat maliban sa matematika.

Gng Ishizuka: Alam kong mahirap na desisyon para sa asawa ko ang pumunta ng Japan, ngunit lubos akong nagpapasalamat sa kanya na pinakinggan niya ang mga kahilingan ko. Nais kong mamuhay siya dito sa Japan gaya sa naging pamumuhay niya sa Switzerland, kaya nagpasiya kaming manirahan sa Otsu, malapit sa kalikasan sa lawa ng Biwa at ilog ng Seta na maaari siyang makapaggaod tulad sa lawa ng Leman sa bayan niya. Likas na magkaiba talaga kami, mula sa magkaibang bansa at mayron 28 taon na agwat sa edad. Sa tingin ko masaya kaming namumuhay na magkasama dahil sa hindi namin pinipilit ang mga sarili namin na unawain ang lahat-lahat ng bawat isa at hindi namin pilit na pinapairal ang kultura ng bawat isa. Mahalagang igalang natin ang bawat isa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kaunting distansiya at tanggapin ang pagkakaiba-iba ng bawat isa. Alagaan natin ang ating kalusugan at kailanman maging masaya lang sa buhay.

Suporta para sa Pagsasaalang-alang sa Trabaho at Pamumuhay !

Upang maipagpatuloy ng mga manggagawa ang kanilang trabaho habang nagpapalaki ng mga bata, may mga sistemang ibinigay sa pagkuha ng bakasyon sa trabaho bago manganak at para mag alaga ng anak gayundin na suporta pagkabalik sa trabaho. Upang magamit ang mga sistemang ito, may ilang partikular na kundisyon gaya ng katayuan sa pagtatrabaho at saklaw ng seguro.



★ Sistemang magagamit para sa mga nakapisan sa seguro ng trabaho (*Shakai Hoken*)

Sistemang-pagkuha ng bakasyon sa trabaho para mag alaga ng bata (*Ikuji Kyugyo Seido*)

Ito ay isang sistemang-pagkuha ng bakasyon sa trabaho para mag alaga ng batang wala pang 1 taon gulang. Maaring hatiin ng 2 beses ang pagkuha ng bakasyon hanggang sa mag 1 taon gulang ang bata. Sa mga kaso na kung ang parehong magulang ay kumuha ng bakasyon para mag alaga ng bata, o ang bata ay hindi makapasok sa daycare center, atbp., ang panahon sa pagkuha ng bakasyon para mag alaga ng bata ay maaaring mapalawig. Mangyaring magsumite ng liham ng kahilingan sa inyong tagapag-empleyo nang hindi bababa ng 1 buwan bago ang nakatakdang pagsisimula ng bakasyon. Kung matugunan ang ilang partikular na kundisyon, maaari kang makatanggap ng “benepisyo sa pagkuha ng bakasyon para mag alaga ng bata (*Ikuji Kyugyo Kyufukin*)” sa panahon ng bakasyon. Ang halagang matatanggap ay 67% sa pang-arawan na sahod sa simula ng bakasyon hanggang 180 araw at 50% pagkatapos.

Sistemang-Pagkuha ng Bakasyon sa Trabaho para mag alaga ng bata ang isang ama (*Shuseiji ikuji Kyugyo (Sango Papa Ikukyu) Seido*)

Ang sistemang ito ay nakalaan sa mga amang maaring kumuha ng bakasyon upang alagaan ang kanilang anak pagkatapos itong maipanganak. Maaring kumuha ng 4 na linggong bakasyon sa loob ng 8 na linggong pagkapanganak sa bata. maaaring hatiin ng 2 beses. Mangyaring magsumite ng liham ng kahilingan sa inyong tagapag-empleyo 2 linggo bago ang nakatakdang pagbakasyon sa trabaho. Kung matugunan ang ilang partikular na kundisyon maaari kang tumanggap ng “Benepisyo sa pagkuha ng bakasyon para sa panganganak /pag aalaga sa bata (*Shuseiji Ikuji Kyugyo Kyufukin*)”. Ang halagang matatanggap ay 67% ng pang-arawan na sahod sa simula ng pagbakasyon sa trabaho × ng bilang ng mga araw ng pagbakasyon (28 araw ang pinakamataas).

→ Para sa karagdagang impormasyon mangyaring sumangguni sa sinasakupan hurisdiksiyun ng Hello Work sa inyong lugar.

Pagkalibre o Pagbawas sa bayarin ng pensiyon at sa segurong pangkalusugan para sa isang tiyak na panahon bago at pagkatapos ng panganganak (Mula Enero 2024)

- Kung ang isang miyembro sa sistemang-segurong panlipunan ay kumuha ng bakasyon sa panganganak/ bakasyon para mag alaga ng bata, malilibre sa mga bayarin ng segurong-pangkalusugan at pensiyon ang mga manggagawa sa panahon ng bakasyon. → Para sa karagdagang impormasyon mangyaring sumangguni sa tanggapan ng pensiyon.
- Ang mga nakaseguro sa kategoriya 1 ng pambansang-pensiyon at ang petsa ng kapanganakan ay sa o pagkatapos ng Pebrero 1, 2019, ay malilibre sa mga bayarin ng pambansang-segurong pensiyon ng 4 na buwan bago o pagkatapos ng panganganak. → Para sa karagdagang impormasyon mangyaring sumangguni sa tanggapan ng pensiyon, o tanggapan ng munisipalidad sa inyong lugar.
- Ang mga taong nakapisan sa pambansang-segurong-pangkalusugan/ National Health Insurance (NHI) ay babawasan ang Bayarin ng seguro sa loob ng 4 na buwan mula sa buwan bago manganak (nanganak bago o pagkatapos ng Nobyembre 1, 2023) → Para sa mga karagdagang impormasyon mangyaring sumangguni sa tanggapan ng munisipalidad.

★ Magagamit na Sistema na Itinatag ng Panukala ng Pamantayan sa Paggawa Pagkabalik sa Trabaho.

※ Ang bawat programa ay may mga limitasyon sa edad ng bata at oras ng trabaho, mangyaring alamin sa inyong taga empleyo.

Oras sa pag alaga ng bata (*Ikuji Jikan*), Anuman ang katayuan ng trabaho, ang mga kababaihan na nagtratrabaho ng mahabang oras ay maaaring humiling ng hindi bababa sa 30 minutong pahinga sa pag alaga ng bata, 2 beses sa 1 araw, bilang karagdagan sa oras ng pahinga, habang ang bata ay wala pang 1 taong gulang. Maari itong kunin habang nasa oras ng trabaho, sa simula o sa pagtatapos ng oras ng trabaho.

Pagpaikli sa oras ng trabaho, kalayaan sa dagdag-oras na pagtrabaho, Anuman ang kasarian ng magulang na nangangalaga sa bata/mga bata, ay maaring humiling ng pagpaikli sa oras ng trabaho (6 na oras sa panuntunan) o kalayaan mula sa dagdag-oras na pagtrabaho, at hanggang gabing pagtratrabaho (mula 10:00 p.m.~ 5:00 a.m.).

Paghingi ng bakasyon para sa pag alaga (*Kango Kyuka*), Anuman ang katayuan sa trabaho, ang mga mangagawang nangangalaga ng mga batang hindi pa tumutuntong sa edad ng pang -elementarya ay maaring humiling ng bakasyon upang alagaan ang bata/mga bata kung magkasakit o masugatan ang mga ito, o kaya kung magpapabakuna o magpapagamot. Ang mga manggagawa ay maaring makakuha ng hanggang 5 araw na bakasyon para sa 1 bata bago ito tumuntong sa edad pang-elementarya, at hanggang sa 10 na araw para sa mahigit pa sa isang bata kada taon. Ayon sa pang oras na batayan, bilang karagdagan sa kada taunang bakasyon na may bayad.

※ Depende sa sistema sa lugar ng trabaho kung ang pagkuha ng bakasyon ay binabayaran o hindi binabayaran.

→ Para sa konsultasyon, Tumawag sa Shiga Labor Bureau, Employment, Environment, at Equal Opportunity Office.

TEL: 077-523-1190

Tanong at Sagot Pagsisimula sa Mababang Paaralan

Maligayang bati sa inyong pagpasok sa mababang paaralan! Simula Abril panibagong pamumuhay sa paaralan ang inyong mararanasan. Marami kayong mga dapat paghandaan na ibat ibang mga proseso sa umpisa ng pasukan. Alamin mabuti ang mga sulat na galing sa paaralan, kung mayroon hindi maintindihan huwag mag atubiling itanong ito sa paaralan!



Q Mayron bang lugar na maaari kong mapaalagaan ang (mga) anak ko pagkatapos ng klase sa paaralan (Hokago)?

A Mayroon, ang tawag dito ay “*Hokago Jidou Club*” (*May iba’t ibang tawag dito).

Ang Hokago Jidou Club ay isang ligtas na lugar kung saan maaring manatili, maglaro ang mga mag aaral sa elementarya na hindi kayang alagaan ng mga magulang sa kanilang tahanan pagkatapos ng klase sa paaralan dahil sa trabaho, sakit, sa pangangalaga o sa iba pang mga kaganapan. Mayron pampubliko at pampribado, at ang ilan ay may serbisyo para sa mahabang bakasyon. Ang mga kondisyon sa paggamit at mga bayarin ay naiiba sa bawat serbisyo, kaya mangyaring magtanong sa tanggapan ng munisipalidad para sa mga karagdagang impormasyon.

Q Maari ko bang malaman ang tungkol sa mga bayarin at mga gastusin sa paaralan, atbp.

A Sa mga pampublikong paaralan sa elementarya at junyor hayskul, libre ang mga bayarin sa matrikula at mga aklat-aralin habang nasa ilalim sa panahon ng sapilitang pag-aaral, ngunit may mga bayarin din para sa pagkain sa tanghalian, aklat-aralin, pagpamiyembro sa PTA atbp., na babayaran sa pamamagitan ng pagbawas sa inyong banko. Mayron din sistemang suporta na tinatawag na “Sistemang suportang-pinansiyal para sa mga gastusin sa mga aralin (*Shugaku enjo seido*)” sa mga pamilyang nangangailangan ng suportang-pinansiyal. Sa mga nangangailangan nito, maaring mag aplay sa pinapasukan na paaralan.

Q Mga ipinag-aalala ko sa nakikinitahang pinsala sa paaralan, may bayad-pinsala bang matatanggap, atbp.?

A Kung ang iyong anak ay nasugatan o nagkaroon ng pinsala habang nasa ilalim ng pangangasiwa ng paaralan o ibang pasilidad (sa panahon ng pangangalaga, nasa klase, nasa ekstrakurikular na aktibidad, nasa pahinga, sa pagpunta at pabalik mula sa paaralan, atbp.) mula kindergarten /nursery hanggang hayskul, makakatanggap po kayo ng suportang-pinansiyal para sa gastusin- medikal at bayad-pinsala mula sa “Sistemang tulong-pinansiyal na benipisyo mula sa aksidente at pinsala/ (*Saigai Kyousai Kyufu Seido*) (Japan Sport Council /Nihon Sports Shinkou Center).” Ipagbibigay alam ng paaralan ang impormasyon nito sa umpisa ng pasukan. Ang taunang bayarin ng mga magulang para sa segurong ito ay nasa ilang daang yen lamang.

Q Maari ko bang malaman ang tungkol sa tanghalian sa paaralan (*Kyushoku*).

A Mayron inihahandang pagkain sa tanghalian ang mga pampublikong paaralan. Seguradahing ipaalam sa paaralan kung may allergy sa pagkain o kung may ipinagbabawal na pagkain na may kinalaman sa relehiyon. Kailangan ihanda ng magulang/tagapangalaga ang mga kagamitan para sa pananghalian kasama na pati baso at chopsticks. May tungkulin din na dapat sundin ang mga bata sa paghahanda ng tanghalian sa paaralan. Ang ginamit na apron sa panahon na nakatoka ito sa paghahanda ng pananghalian ay kailangan iuwi sa bahay, labahan, plantsahin at ibalik sa paaralan sa susunod na linggo.



Q Maari ko bang malaman ang tungkol sa pagpasok papunta at pabalik mula sa paaralan.

A Karamihan sa mga paaralan, ay may nakatakdang ruta sa pagpasok sa paaralan mula sa bahay patungo sa paaralan. May mga paaralan din na ang mga mag aaral ay grupong umaalis pagpasok sa at pagkagaling sa paaralan sa kanya-kanyang nakatakdang ruta. Habang ang iba naman na mga paaralan ay mayron kanya-kanyang pumapasok, kasama ang magulang at mga miyembro ng komunidad na binabantayan sila upang maseguro ang kaligtasan ng mga mag aaral.

Q Mga anu-anong kaganapan mayron sa paaralan sa unang termino ng pasukan?

A Sa pangkalahatan, pagkatapos ng seremonya ng pasukan sa Abril. May isinasagawang pagsusuri sa kalusugan pagsusuring pisikal gaya ng pagsukat ng katawan at mga ekskursiyon sa tag-sibol. Bukod pa rito, sa layuning mapangalagaan ang mga bata sa pamamagitan ng pagtutulongan ng bawat tahanan at paaralan, isinasagawa ang pagbisita sa mga tahanan, pagbisita sa paaralan at pag obserba sa klase, at pagpupulong ng samahan ng mga guro at magulang. Sa Hunyo, magsisimula ang klase para sa pagsasanay sa paglangoy sa ilalim ng pisikal na edukasyon/ P.E, kaya kailangan alamin ang kondisyon ng kalusugan ng bata sa inyong tahanan. Magtatapos ang unang semestre sa katapusan ng Hulyo, at ipapauwi sa mga bata ang kanilang “Ulat sa Pag unlad na Kard/report card”. Ang bakasyon sa tag-araw ay tatagal hanggang huli ng Agosto. Sa panahon ng bakasyon sa tag-araw, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng takdang-aralin para sa mga asignaturang pang-akademiko at sariling-kusa na pananaliksik (*Jiyuu kenkyu*) atbp., kaya mahalagang planuhing mabuti ang inyong bakasyon.

Q Paano nakikipag-ugnayan ang mga magulang/tagapag-alaga sa paaralan?

A Ang mga paaralang elementarya ay mayroon samahan ng mga guro at magulang/ PTA o Parents Teacher Association. Ang pangunahing layunin nito ay magkaroon ng pagkakaisa ang mga magulang at mga guro upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga batang pumapasok sa paaralan. Kinakailangan din ang bayad sa pagpasok upang suportahan ang mga aktibidad. Ang mga aktibidad at pamamaraan ng pamamahala ay nag-iiba-iba sa bawat paaralan, kaya mangyaring alamin ang mga impormasyong ibinigay sa oras ng pagpapatala.

Impormasyon sa Mimitaro

★ Pagbisiklita sa panahon ng Tagsibol ♪

Makikita dito ang mga websyt na may mga impormasyon patungkol sa pagbisiklita tulad ng mga tindahan na maaring makapag-arkila ng bisikleta at mga mapa ng para sa pagbibisikleta sa Prepektura ng Shiga !

+(Plus) Cycle Shiga

Biwako isshu

Wa no kuni Biwako



★ Mga tanawing bulaklak sa Mayo at Hunyo

- Suisen no oka (*Daffodil*)
(Maaga ~ at Panghuli ng Mayo)
Biwako Valley 1547-1 Kido Otsu-shi
- Kakitsubata Gunseichi (*Rabbitear iris*)
(Panghuli ng Mayo ~ Maagang Hunyo)
Fukushimisu Imazu-cho Takashima-shi
- Poppy Garden
(Kalagitnaan ng Mayo ~ Maagang Hunyo)
Michi no Eki Aito Marguerite Station
184-1 Imoto-cho Higashiomi-shi
- Hasu no Mieru Oka (*Lotus*)
(Kalagitnaan ng Hunyo ~ Kalagitnaan ng Agosto)
Kusatsu City Aquatic Botanical Park Mizunomori,
(*Kusatsu shiritsu suisei shokubutsu koen*)
1091 Oroshimo-cho, Kusatsu-shi
- Hachiman Shrine (Hachiman-Jinja)
Fuji Matsuri (*Wisteria*) (ika-5 ng Mayo)
523 Zaishi Kora-cho



★ Shigaraki Sakkaichi (Perya, alagad ng sining)

Mayo 2 (Huw), Mayo 3 (Biy), Mayo 4 (Sab), Mayo 5(Lin)
Ipagakita at ititinda ng mga alagad ng sining ang kanilang sariling likhang mga paso at iba pa.
Shiga Prefectural Ceramic Cultural Park Taiyo no Hiroba
(Shigakenritsu Togeji no Mori)
2188-7 Chokushi Shigaraki-cho Koka-shi

★ Misaki Shrine Fire Festival

Mayo 4 (Sab) Gabi: Isang pagdiriwang sa pamamagitan ng pagsindi ng apoy para sa pag alay at paggunita sa mga ninuno. Maririnig ang ugong ng Tambol (Taiko) sa kadiliman at sisindihan ang malalaking mga sulo
Misaki Shrine (Jinja) 1072 Kawara Aisho-cho

★ Hira Genki-mura

Pagkamping, pagmamasid sa mga bituin at mga aktibidad pang atliteko (Kailangan ng reserbasyon maliban sa pang -atletiko)

1769-3 Kitakomatsu Otsu

TEL: 077-596-0710



Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Hulyo



Balita sa Mimitaro



★ Huwag hayaang maging biktima ng dahas mula sa kabiyak, magin man sa karelasyon!

Huwag sarilinin ang problema, komunsulta agad #8008

DV Soudan +Plus <https://soudanplus.jp>

24 oras, Maaring sumangguni sa ibat ibang wika.

◆ Kung sakaling nakakaranas kayo ng malubhang sikolohikal na pinsala, maari kayong mag aplay ng protection order. (Mula Abril 1, 2024)



★ Ninshin SOS Shiga (SOS sa mga buntis)

Kung kayo ay namomroblema dahil sa di inaasahang pagbubuntis, Maaring komunsulta sa Telepono, Email at sa LINE

TEL: 090-8810-2499



★ Pangalagaan ang sarili mula sa Sakuna!

Sa sayt na ito ay maari kayong makakuha ng mga impormasyon patungkol sa sakuna sa ibat-ibang wika. Seguraduhing alamin kaagad ito!

https://bousai.go.jp/kyoiku/gensai/pdf/poster_A3.pdf



★ Orizuru-kai

Suporta sa mga naulila sa aksidente ng Trapiko

Programang- Iskolarsip, benipisyo sa mga bagong papasok at iba pang benipisyo, gayundin sa mga aktibidad sa paglibang sa tag-init na bakasyon sa mga batang nakatira sa Prepektura ng Shiga (mula 0 taon gulang ~ sa pasukan ng Marso pagdating ng 18 taon gulang) naulila sa magulang/tagapag alaga dahil sa aksidenteng-trapiko.

[Info](#) Orizuru-kai Foundation Office

(Sa loob ng Dibisyon para sa Pagpapanatili ng mga Daanan sa Prepektura ng Shiga)

TEL: 077-528-3682



★ Panahon sa pag aplay ng Iskolarsip

Maliban sa iskolarsip mula sa Japan Student Services Organization (JASSO), mayron din mga iskolarsip na iginagawad sa mga unibersidad, pribadong mga kumpanya, mga pundasyon at sa mga lokal na pamahalaan. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring alamin ang kanilang websayt.



(JASSO)

Paunawa at Paumanhin

Sa naipalabas na artikulo ng Mimitaro blg 150 sa pahina 3, ay nagkaroon ng mali doon sa naisulat na petsa ng sumusunod na mga organisasyon. Humihingi po kami ng taus-pusong paumanhin para maitama ang mga mali dito.

Tabunka Kyosei Shien Center SHIPS → (Tama) Sabado

Kanchan no Chisana Ie → (Tama) 10 beses /taon

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang

Residente ng Shiga

(Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalizaton)

Nakahanda kaming sumuporta sa iba't ibang wika

TEL: 077-523-5646 FAX: 077-510-0601

email : mimitaro@s-i-a.or.jp